A. Tukuyin kung ang sumusunod ay halimbawa ng **parirala o pangungusap**.

__________1. Si Benigno Simeon Aquino, Jr. ay ipinanganak noong ika-27 ng Nobyembre 1932 sa Concepcion, Tarlac.

__________2. isang heneral sa rebolusyon

__________3. sa pribadong paaralan

__________4. Si Ninoy ang pangalawang anak nina Benigno Aquino, Sr. at Aurora Aquino.

__________5. sa pamahalaan ni Jose P. Laurel

**B.** Tukuyin kung ang nakasalungguhit sa pangungusap ay **sugnay na makapag-iisa o sugnay na di-makapag-iisa.**

__________6. **Dahil maykaya ang kanyang pamilya**, nakapag-aral sa mga pribadong paaralan si Ninoy.

__________7. Noong labing-limang taong gulang pa lamang si Ninoy, **namatay ang kanyang tatay.**

__________8. **Dahil matalino at magaling siya sa pagtatalumpati**, mabilis na umakyat sa posisyon si Ninoy sa pamahalaan.

__________9. Habang nasa kulungan, **inatake sa puso si Ninoy noong 1980.**

__________10. Alam ni Ninoy na maaaring ikulong o ipapatay siya **kung bumalik siya sa kanyang lupang tinubuan.**

LIVEWORKSHEETS